

# 1

“Captain, ipinatatawag po kayo ni General,” bungad ng kasamahang sundalo ni William nang dumating siya sa kampo.

Sandali siyang napaisip. “Sige, salamat,” aniya at pinanood itong lumayo. *Bakit kaya?*

Katatapos lang ng mission niya sa North Cotabato. Inatasan siyang pangunahanan ang pagtugis kay Commander Buryo. At sa tulong ng Diyos, nagawa niya iyon sa loob ng limang buwan. Hindi biro ang dakpin ang nasabing lider ng mga rebelde.

Magtatatlong linggo pa lang siya rito sa Maynila. Mukhang mapapasabak na naman siya sa aksyon.

Bago pa mainip ang heneral ay nagtungo na siya sa tanggapan nito.

“Come in,” tugon ng isang maawtoridad na tinig matapos niyang kumatok sa pinto.

Binuksan iyon ni William at agad siyang sumaludo nang makapasok. “Sir.”

“Carry on. Have a seat, Jimenez.”

“Thank you, Sir.” Umupo siya sa harap ng mesa nito.

“Dederechuhin na kita, Jimenez. Alam kong kababalik mo

lang galing sa mission. Pero ikaw ang una kong naisip para rito.”  
Iniabot nito sa kanya ang isang white folder.

Tiningnan niya ang nasa loob niyon. Kumunot ang noo niya.  
“S-Sir...” Tumingin siya sa heneral.

“Natitiyak kong kilala mo siya. She’s Miavell Dela Francia,  
Senator Romualdo Dela Francia’s daughter.”

“Kilala ko po siya, Sir. Sino naman po ang hindi makakakilala  
sa anak ni Senador Dela Francia? Mabait po siya at makamasa.”  
Tumango-tango ito sa sinabi niya. “Ano po ang ibig ninyong  
sabihin na siya ang bago kong misyon?”

Humugot ito ng isang malalim na hininga bago sumagot.  
“Nais humingi ng senador ng proteksyon para sa anak niya.  
Pupunta kasi ito sa Cotabato, para mag-abot ng tulong sa mga  
kababayan nating Muslim at Kristiyano doon.”

Napangisi si William habang napapailing. “Sir, ano po ba  
ang iniisip ni Dr. Dela Francia? Hindi po biro ang lugar na iyon.  
Lalo na sa tulad niyang anak ng politiko.”

“Iyon ang dahilan kung bakit ikaw ang napili ko. Ikaw ang  
responsable sa kanyang kaligtasan habang nasa Mindanao siya.”

“But, Sir—”

“That’s an order, Captain.” Alam niyang wala nang  
makakapagpabago sa isip nito.

Napabuntong-hininga na lamang si William. Tumayo siya at muling sumaludo sa heneral.

Tumalikod na siya nang bigyan siya nito ng permisong umalis. Ngunit bago niya mabuksan ang pinto ay napatigil siya nang muli itong magsalita.

“I trust you, Jimenez. I know you can do it.”

Nilingon niya ang heneral at ngumiti rito.

“Hindi ko po kayo ipapahiya, pangako.” Napapikit siya nang makalabas ng silid. Labag man sa loob niya ang bagong misyon, kailangan niya iyong pangatawanan.

Hindi lang iyon basta utos mula sa nakatataas na opisyal. Karangalan para sa kanya na pagkatiwalaan ng isang taong labis niyang iniidolo at tinitingala: ang kanyang ama.

Bata pa lamang siya ay gustong-gusto na niyang isinusuot ang uniporme ng papa niya. Hindi pa ito heneral noon. At nang magkaisip siya, niyakap niya ang propesyong nais niya. At walang pagdadalawang-isip na sinuportahan siya ng kanyang pamilya.

Habang pabalik si William sa kanyang mesa ay napatingin siya sa hawak na folder.

Napangiti siya. *Sino’ng mag-aakalang magkakalapit tayong muli, Miavell Dela Francia?*

---

Katatapos lang mag-round ni Mia sa mga pasyente niya. Hinubad niya ang suot na lab gown at isinabit iyon. Umupo siya sa swivel chair sa clinic niya at saka sumandal doon. Hinilot niya ng dalawang kamay ang magkabilang sentido. Ilang araw na ring sumasakit ang ulo niya. Isang linggo na kasi siyang double shift. Nasa bakasyon pa rin kasi ang kasamahan niyang si Dr. Ramos.

Nagtatrabaho siya sa isang public hospital kaya hirap siya kumpara kung sa pribadong tanggapan siya naglilingkod o kung may sarili siyang practice.

Maliban sa kakulangan sa mga doktor sa mga pampublikong pagamutan, marami ang mga pasyente. Sa kabila niyon, hindi niya ipagpapalit ang kanyang trabaho. Masaya siyang makatulong at makapagsilbi sa kapwa.

Narinig niyang bumukas ang pinto ng clinic. Hindi na siya nag-abalang imulat ang mga mata. Iisang tao lamang ang papasok doon nang di kumakatok. Si Jade, ang kaibigan niyang nurse. Nakisuyo siya rito ng bottled water nang magtanong ito kung may ipapabili siya.

“Pakilagay na lang sa table, Nurse Jade. Salamat,” aniya sa mahinang tinig.

Walang sumagot. Sa halip ay nakarinig siya ng mga yabag na papalapit sa kinaroroonan niya. Iminulat ni Mia ang mga mata at halos humiwalay sa katawan niya ang kanyang kaluluwa nang makita sa malapitan ang mukha ng taong pumasok sa silid niya.

Nakangiti itong nakatitig sa kanya.

Nanlaki ang mga mata niya, ngunit hindi siya makakilos sa kinauupuan. Isang maling galaw at maglalapat ang kanilang mga labi.

*Liam?* Hindi siya maaaring magkamali. Ang amoy ng cologne nito at ang mabango nitong hininga... He was no other than her ex-boyfriend William Jimenez.

Ngumiti ito nang kaytamis-tamis. “Kumusta?”

Saglit na napatingin ito sa bibig niya bago inilayo ang mukha sa kanya. Humakbang ito paatras. Ngumisi ito na parang sinasabing nakaisa ito sa kanya. Tumalikod ito habang nakapamulsa ang dalawang kamay sa suot na pantalon.

Napapikit si Mia. Pakiramdam niya naubusan siya ng hangin dahil sa pagpipigil niya ng hininga kanina habang magkalapit ang mga mukha nila. Galit niyang pinagmasdan ang lalaki habang nakatalikod ito.

“Maganda itong clinic mo.”

“Hospital ito, hindi kampo. Naliligaw ka yata,” labas sa ilong niyang sabi rito.

Humarap ito at ngayon ay nakatuon na muli sa kanyang mga mata.

“Hindi. Ikaw talaga ang sadya ko.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Mia sa narinig. “Ano’ng sabi mo?”

Muli itong humakbang palapit sa mesa niya. “Ikaw ang bago kung assignment. I am going to be your bodyguard sa ayaw at sa gusto mo.”

---

“I don’t care about your mission. Do whatever you want. Magbantay ka 24/7 kung gusto mo. Siguraduhin mo lang na hindi ka makakaabala sa trabaho ko.” Tumayo siya at kinuha ang lab gown niya. Mabuti pa ay mag-break muna siya bago tuluyang masira ang araw niya.

Dinaanang lang niya si William na para bang wala ito roon. Binuksan niya ang pinto ng clinic niya. Ngunit bago siya lumabas ay nilingon niyang muli ang lalaki.

“Sa pagkakaalam ko, magkakaroon lang ako ng escort pag nasa Mindanao na ako. Well, nasa Manila pa tayo. At ibig sabihin n’un, wala ka pa sa posisyon para istorbohin ang buhay ko.”

Tumango ito sa sinabi niya.

Panay ang buntong-hininga niya habang patungo sa clinic ng isang kaibigang doktor. Bakit ba sa dinami-dami ng tao na puwede niyang makita ay si William pa?

Kahit pitong taon na ang nakalipas, hindi niya pa rin makalimutan ang sugat na iniwan nito sa puso niya.

William Jimenez was her first boyfriend. Naging kaklase niya ito noong high school. Kaibigan sa umpisa hanggang sa nahulog sila sa isa't isa. Ang totoo, crush niya na ito una pa lang niya itong makita.

Third year high school sila noon nang sinagot niya ito. Naging maganda at masaya ang kanilang relasyon. At ipinangako ni Mia sa sarili na ito lang ang lalaking mamahalin niya at pakakasalan.

Nagbago ang lahat nang mag-college sila. Nagkalayo sila nang ipadala siya ng daddy niya sa Amerika upang doon mag-aral ng Medicine.

Bago siya umalis noon, mahigpit niyang ibinilin kay William na huwag magsundalo, at nangako ito sa kanya. Nagulat na lang siya nang pag-uwi niya sa Pilipinas ay malaman niyang nagsinungaling ito. Graduate na ito sa *PMA*.

Ipinasya niyang hiwalayan ito at kalimutan.

“Doc!”

Naputol ang pagbabalik-tanaw ni Mia nang tawagin siya ng isang nurse bago pa siya makarating sa clinic ng kaibigang si Nadia.

“B-bakit?” Hirap pa rin siyang makabawi sa pagkakalutang niya.

Ngumiti ito sa kanya. “Nasa labas po si Mayor Zobel,

hinahanap po kayo.”

“Thank you.” Mabilis niyang tinungo ang papunta sa parking area ng hospital.

Sa naging pagkikita nila ni William, nakalimutan niyang may usapan nga pala sila ng fiancé niya. Sabay silang magdi-dinner.

Mahigit tatlong taon na ang relasyon nila ni Anton Zobel. Mayor ito sa isang bayan sa Pampanga. Alam niyang galing pang probinsya ang nobyo ngayon.

Nagkakilala sila dahil sa magkapartido ang mga magulang nila sa politika. At magmula nang una silang magkita, hindi na siya nito tinantanan.

Nagawa rin nitong lumipad patungong Amerika para lang makita siya. Mabait ito at mapagkawang-gawa. Walang dahilan para hindi mahulog ang loob niya rito.

“Hi, Babe,” bati niya. Naghihintay na nga ito sa labas ng hospital.

“Hi.” Hinalikan siya ng lalaki sa pisngi. “For the love of my life.” Iniabot nito sa kanya ang isang boquet ng roses.

Hindi napigilan ni Mia ang mapangiti. “Thank you. Nasasanay na talaga ako. Sige ka, kapag ikinasal tayo at hindi mo na ako binibigyan ng bulaklak iiyak talaga ako.”

Tumawa ito. “That would never happen. Dahil triple pa



diyan ang bulaklak, na matatanggap mo kapag mag-asawa na tayo.”

Napayakap siya sa narinig mula rito. Wala na yata siyang mahihiling pa. Masaya siya sa piling ng lalaking ito na nakatakda niyang pakasalan tatlong buwan mula ngayon.

Alam niyang mamahalin at aalagaan siya nito nang buong puso.

---

Gigil na gigil si William sa sand bag na nasa harapan niya. Mahigit isang oras na siyang nagpapawis sa gym ng kampo. Hindi mawala sa isipan niya ang ginawang pagtataray sa kanya ng dating kasintahan. Higit sa lahat, parang sinaksak ang puso niya nang makita itong nakayakap sa nababalitang nobyo nito.

Alam niyang wala siyang karapatan, pero...

Hindi niya malubos maisip na sa ganito mauuwi ang lahat. Inaamin niya ang pagkakasala. Pero sana man lang binigyan siya ni Mia ng pangalawang pagkakataon.

Sumigaw siya sa huling suntok na pinakawalan. Pagkatapos ay idiniin niya ang ulo sa sand bag. Habol-habol niya ang hininga nang maramdaman niyang may tumapik sa kanyang balikat.

“Chill lang, Mistah. Masyadong mainit ang ulo natin, ah.”

Lumingon siya para sinuhin ang nagsalita. Nabosesan niya

ito pero gusto niyang makatiyak. Naging kaklase niya sa *PMA* si Captain Jerome Gonzales. Tinapik nito ang balikat niya matapos siyang yakapin.

Kinumusta niya ang lalaki, at bumalik ang tanong sa kanya.

“Ayo lang ako.” Lumapit ito sa sand bag na katabi lang niya. “Ikaw? May problema ba?” Sinuntok-suntok ni Jerome ang sand bag sa harapan nito.

Umiling si William bilang tugon.

Ngumisi ito sa sagot niya. “Para namang hindi tayo magkaibigan niyan. Kilala kita. Dalawa lang ang puwedeng dahilan kung bakit ka magkakaganyan. Trabaho at babae. Mukhang tengga ka ngayon, kaya malamang babae ’yan. In love ka, ano?” ayaw paawat na tudyo nito.

Muli siyang umiling habang tinatangal ang suot niyang gloves. “Trabaho. May bago akong assignment. Anak ni Senator Dela Francia.”

Napahinto sa ginagawa ang kausap niya. “Isa lang naman ang anak ni Senator, di ba? ’Y-yung ex-girlfriend mo?”

Alangan ang tono ni Jerome. Alam kasi nitong sensitive siya pag si Mia na ang pinag-uusapan. Hangga’t maaari, ayaw niyang nakakarinig ng kahit ano tungkol sa dating kasintahan. Iniiwasan niyang may maalalang kahit ano tungkol sa nakaraan. Dahil ang

totoo, sinisisi niya pa rin hanggang ngayon ang sarili kung bakit nagkahiwalay sila.

“So babae nga?” pangungulit nito.

Isang mapaklang ngiti ang ipinukol ni William dito. “Oo, babae. Pero trabaho talaga. After seven years, muling pinagkrus ang landas namin.”

Narinig niyang bumuntong-hininga ang kasama. “Sabagay. Kahit ako siguro mapapaisip kung pagkatapos ng napakatagal na panahon ay magtatagpo kami ulit ng... Pero, alam mo naman na ikakasal na ’yang ex-girlfriend mo, di ba? Kaya malabong magkakabalikan pa kayo.”

Ano raw? Ikakasal? “Sigurado ka d’yan, Rome?”

Napakunot-noo ito. “Hindi mo alam na ikakasal na si Mia? Alam na ng buong bansa ’yun. Siyempre, mayor ang boyfriend niya. At politiko rin ang tatay ni Mia. Nababalita sila. Sabagay, halos kalahating taon kang wala rito sa Maynila.”

Alam niyang rumehistro ang lungkot sa kanyang mukha. Ilang beses na siyang nabugbog at minsan na rin siyang natamaan ng bala. Pero mukhang ang sugat na mayroon siya ngayon ang hindi niya makakaya. Habang lumilipas ang bawat segundo ay tila mas lalong bumabaon sa puso niya ang natuklasan.

“Alam mo ba kung kailan eksakto ang kasal?” muli niyang usisa.

“Basta ang alam ko, ngayong taon.” Tinitigan siya nito.  
“Okay ka lang, Mistah?”

“Oo. Medyo napagod lang ako sa work-out. Sige, shower muna ako.”

Tumango lang ito sa kanya. Ngunit sigurado siyang nahalata nito ang niloloob niya. Alam nito na walang ibang babaeng naging parte ng buhay niya kundi si Miavell lang.